BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Oktubre 1, 2024
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, nag-aalok ng $90 milyong grant para mabawasan ang nakakalasong polusyon sa hangin mula sa mga heavy-duty na makinang diesel

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ngayong araw na available na ang mahigit **$**90 milyong incentive na pondo sa pamamagitan ng Programa sa Pagpapalit ng Heavy-Duty na Sasakyan at Equipment para ma-upgrade o mapalitan ang mga kwalipikadong heavy-duty na sasakyan at equipment ng mas malinis at zero-emission na teknolohiya.

Kasama sa kwalipikadong equipment ang mga school bus at pampasaherong bus, mobile na pang-agrikultura at pangkonstruksyong equipment, marine vessel at locomotive, refrigeration unit para sa transportasyon, at airport ground support, equipment sa pag-handle ng cargo, at heavy-duty na forklift. Tumatanggap na ngayon ng mga aplikasyon sa first-come, first-served basis hanggang Pebrero 26, 2025, maliban kung maunang maubos ang pondo.

“Ang mga nakakalasong emisyon sa hangin na bumubuo ng ozone mula sa mga mas lumang makinang diesel na nagdudulot ng matinding polusyon ay nakakaapekto sa kalidad ng hangin sa rehiyon at naghahatid ng mga napakalalang epekto sa kalusugan sa ating mga pinakaapektadong komunidad,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa paggamit sa pondong ito mula sa grant para mapalitan ang mga makinang ito ng mas malinis na teknolohiya, mapoprotektahan ang ating mga komunidad at mabilis na mababawasan ang mga emisyon sa mas murang paraan.”

Hindi bababa sa 80 porsyento ng pondo ang nakalaan para sa mga proyekto sa mga pinakaapektadong komunidad ng Distrito ng Hangin. Puwedeng mag-operate ang mga pang-agrikulturang proyekto sa kahit saan sa hurisdiksyon ng Distrito ng Hangin. Kasama sa mga pinakaapektadong komunidad ng Distrito ng Hangin ang:

- West Oakland
- East Oakland
- Richmond-San Pablo
- Bayview-Hunters Point/Southeast San Francisco
- Mga Disadvantaged na Komunidad
- Mga Komunidad na Mababa ang Kita

Makakakita sa website ng Distrito ng Hangin ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado sa proyekto at mga kinakailangan sa programa. Puwedeng makipag-ugnayan ang publiko sa Distrito ng Hangin para sa anumang tanong, pati tungkol sa kung paano magsimula ng aplikasyon, sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng Impormasyon ng Grant sa 415-749-4994 o sa pamamagitan ng email sa grants@baaqmd.gov.

Tatalakayin ng ilang nalalapit na webinar ang tungkol sa background ng Distrito ng Hangin, pangunahing kinakailangan sa pagiging kwalipikado, halaga ng pondo, at ang pangkalahatang-ideya ng proseso ng aplikasyon ayon sa aplikasyon para sa equipment.

- **Mga School Bus**: Martes, Okt. 22, 2024, nang 10 a.m. PST
- **Off-road at Pang-agrikulturang Equipment**: Huwebes, Okt.10, 2024 nang 2 p.m. PST
- **Mga Marine Vessel, Locomotive, at Equipment sa Pag-handle ng Port Cargo:** Miyerkules, Okt. 23, 2024, nang 1:30 p.m. PST

Kailangang magparehistro. Para sa higit pang impormasyon, o para magparehistro, bumisita sa **https://bit.ly/3N1ijTp**.

Ang Programa sa Pagpapalit ng Heavy-Duty na Sasakyan at Equipment ay lokal na pinapamahalaan ng Distrito ng Hangin at pinopondohan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Carl Moyer Program ng California Air Resources Board, Community Air Protection, o CAP, Incentives Program, Programang Funding Agricultural Replacement Measures for Emission Reductions, o programang FARMER, at iba pang lokal na source ng pondo. Ang Incentives Program ng CAP ay bahagi ng California Climate Investments, na isang pambuong-estadong inisyatiba na naglalaan ng bilyun-bilyong dolyar mula sa Cap-and-Trade para bawasan ang mga emisyon ng mga greenhouse gas, palakasin ang ekonomiya, at pabutihin ang kalusugan ng publiko at ang kapaligiran — lalo na sa mga disadvantaged na komunidad.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programang ito ng grant at sa mga nalalapit na webinar o para magsimula ng aplikasyon online, bisitahin ang web page ng Mag-apply para sa Pondo (baaqmd.gov) ng Distrito ng Hangin.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Kumonekta sa Distrito ng hangin sa pamamagitan ng X, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*